Mga Opsyon ng Freddie Mac sa Forbearance Dahil sa Kawalan ng Trabaho

Relief sa mortgage para sa mga may-ari ng bahay na walang trabaho

Isa ba kayong may-ari ng bahay na may problemang pinansyal dahil sa kawalan ng trabaho? Kung pagmamay-ari ng Freddie Mac ang inyong mortgage, posibleng kwalipikado kayo para sa pansamantalang relief sa pamamagitan ng mga opsyon ng Freddie Mac sa Forbearance Dahil sa Kawalan ng Trabaho na iniaalok ng inyong mortgage servicer (ang organisasyon kung saan ninyo ipinapadala ang mga bayad ninyo sa mortgage). Sa pamamagitan ng mga opsyong ito, posibleng bawasan o suspindihin ang inyong mga bayad sa mortgage sa loob ng hanggang 12 buwan, na makakatulong sa inyong harapin ang mga problema ninyo sa mortgage habang wala kayong trabaho.

Kwalipikado Ba Kayo?*

Puwede kayong maging kwalipikado kung:

- May pinansyal kayong problema dahil sa kawalan ng trabaho;
- Inookupa ninyo ang pag-aari bilang pangunahin ninyong tirahan; at
- Pag-aari ng Freddie Mac ang inyong mortgage (bisitahin ang aming Tool sa Paghahanap ng Pautang para malaman).

Dalawang Opsyon

May dalawang opsyon ang Freddie Mac sa Forbearance Dahil sa Kawalan ng Trabaho para tulungan kayo sa mga problema ninyo sa mortgage habang wala kayong trabaho:

- **Pansamantalang opsyon sa forbearance.** Kung magiging kwalipikado kayo, puwede kayong alukin ng inyong Freddie Mac Servicer ng pansamantalang forbearance sa loob ng anim na buwan, kung saan sususpindihin o babawasan ang inyong mga bayad sa mortgage. Para sa opsyong ito, maaaring kayo ay:
  - Updated o delingkwente sa inyong mga bayad sa mortgage.
  - Mag-convert sa pansamantalang forbearance plan na ito kung mawawalan kayo ng trabaho habang kasali sa trial period plan ng Home Affordable Modification program (HAMP) o Karaniwang Pagbabago o Modification ng Freddie Mac.
- **Pinahabang opsyon sa forbearance dahil sa kawalan ng trabaho.** Kung wala pa rin kayong trabaho pagkatapos ng pansamantalang forbearance, susuriin ng inyong Freddie Mac Servicer kung kwalipikado kayo para sa pinahabang forbearance dahil sa kawalan ng trabaho, at kung kwalipikado kayo, puwede nitong mapahaba pa ng anim na buwan ang inyong forbearance. Sa ilalim ng opsyong ito, babawasan o sususpindihin ang inyong mga bayad sa mortgage.

**Ang pagiging kwalipikado ninyo sa Forbearance ng Freddie Mac dahil sa Kawalan ng Trabaho ay nakabatay sa ilang salik, kabilang ang mga nakabalangkas dito. Ang inyong Freddie Mac Servicer (ang organisasyon kung saan kayo nagbabayad ng mortgage buwan-buwan) ang tutukoy kung kwalipikado kayo o hindi.*

Freddie Mac
We make home possible®

Iba Pang Kondisyon

Wawakasan ang inyong forbearance plan dahil sa kawalan ng trabaho kung:

- Hindi kayo nagbabayad nang tama sa oras, kung kailangan ninyong magbayad alinsunod sa inyong forbearance plan.
- Aalis kayo o aabandunahin ninyo ang pangunahin ninyong tirahan, o kung na-condemn ito.
- Hindi na nalalapat ang alinman sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado.
- Huminto na kayo sa paghahanap ng trabaho.

Puwedeng maipon ang mga late charge habang inaalam ng inyong Freddie Mac Servicer ang pagiging kwalipikado ninyo. Kung maaaprubahan kayong sumali, walang maiipon o sisingiling late charge habang nasa ilalim kayo ng forbearance dahil sa kawalan ng trabaho.

Para sa Higit Pang Impormasyon

- Alamin kung hawak ng Freddie Mac ang inyong mortgage sa pamamagitan ng pagbisita sa aming Tool sa Paghahanap ng Pautang sa https://ww3.freddiemac.com/corporate/.
- Makipag-ugnayan sa inyong servicer. Nakalista ang kanilang numero ng telepono at mailing address sa inyong buwanang statement o coupon book.
- Sumangguni sa website ng U.S. Department of Housing and Urban Development sa http://www.hud.gov/offices/hsg/sfh/hcc/fc/index.cfm para makakita ng listahan ng mga nonprofit na ahensya sa pagpapayo na aprubado ng HUD sa inyong lugar na puwede ninyong puntahan nang personal o kausapin sa telepono.
- Makipag-ugnayan sa isang kalahok sa Help Center o Network ng Freddie Mac para sa Nangungutang na nakalista sa http://www.freddiemac.com/avoidforeclosure/who_to_contact_for_help.html#helpcenters, kung saan makakapagbigay ng kumpidensyal na pinansyal na pagpapayo ang mga nonprofit na tagapayo sa pabahay na aprubado ng HUD.
- Bisitahin ang “Resource Center ng Pag-iwas sa Pagremata o Foreclosure” ng Freddie Mac sa http://www.freddiemac.com/avoidforeclosure/ para makahanap ng mga kapaki-pakinabang na tip, tool, at pang-edukasyong resource, kabilang ang impormasyon sa kung ano ang dapat asahan kapag nakikipagtulungan sa inyong Servicer.

Mga Footnote:

- *Hindi direktang iniaalok ng Freddie Mac ang mga opsyon ng Freddie Mac sa Forbearance Dahil sa Kawalan ng Trabaho. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong Freddie Mac Servicer para malaman kung kwalipikado kayo.*
- *Maraming organisasyong maaaring makatulong sa inyo kapag humaharap kayo sa mga problemang pinansyal o pagremata/foreclosure, pero pinakamahalaga sa lahat ang pagtitiyak na nakikipag-ugnayan kayo sa isang mapagkakatiwalaang organisasyon bago kayo magsimula. Dapat siyasating mabuti ang anumang hindi hinihinging tulong bago ito tanggapin. Pumunta sa page ng Freddie Mac tungkol sa “Pag-iwas sa Panloloko” sa FreddieMac.com sa http://www.freddiemac.com/avoidforeclosure/avoid_fraud.html para matutunan kung paano tumukoy ng panloloko sa mortgage.*

Tandaan: Layunin ng flyer na ito na magbigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga opsyon ng Freddie Mac sa Forbearance Dahil sa Kawalan ng Trabaho, at hindi ito isang komprehensibong buod. May mga nalalapat na partikular na karagdagang tuntunin, kondisyon, at limitasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong Freddie Mac Servicer para sa higit pang detalyadong impormasyon tungkol sa programa at mga kinakailangan para maging kwalipikado.